# Sestina:
# Dos Mil Beinte

*Ivie Urdas*

Dumaong sa pampang ang COVID-19
at sinimulan ang dos mil beinte sa libo-libong pagkitil.
Napatanong ang buong mundo nang ang Wuhan ay isinarado.
Nanood tayo habang tikom-bibig silang naghuhugas-kamay
sa mga naglalahong reporter—naglaho din ang balita—
at walang makapagsabi kung sinadya nga bang wala silang lunas.

Nang magkakaso dito ay naghagilap na rin tayo ng lunas,
Umusbong ang mga pasilidad at panuto pang-COVID-19,
Ngunit mabilis maubos ang mga kama at nars. Sa balita,
ang tumataas lang ay ang estadistika ng mga nakitil.
Ang tanging abiso: mag-mask, maglayo-layo, maghugas ng kamay.
Ilang buwan tayong nagtatanong bakit ba di pa tayo sarado?

Libo na ang positibo, marami nang negosyo ang sarado,
maraming pinauwi ang mga ospital at bumaling sa alternatibong lunas.
Nahahawa ang mga doktor maski panay ang hugas ng kamay,
habang patuloy na umaapaw ang mga pasyente ng COVID-19
sa mga ward; kahit malulusog naman kahapon ay nakikitil,
kumakalat na mas mataas ang bìlang kaysa naisabalita.

Kalahati na ng taon at patuloy ang masamang balita.
Sa taas, pumasa ang inilulutong batas habang sarado
sa publiko ang pagdinig; ang pinakamalalaking pagkitil

ay di ng pandemya; maraming panahong nasayang at di lunas
ang inuna. Mayroong bagong gawi ngayong taon ng COVID-19:
umanib sa mayorya at pumirma, at saka maghugas-kamay.

Matapos makahimas sa pondo, sila ay nagsihugas-kamay,.
Mayroon namang napunta sa bayanihan, sabi sa balita,
at pinuri tayo sa ating tibay sa mga sakuna, sa COVID-19.
Naunang binuksan ang mga negosyong huling isinarado;
nasaid ang ayuda dahil sa tagal ng pag-aantay sa lunas;
bumigat ang obitwaryo sa pamilyar na pangalan ng mga nakitil.

Sa tagal ng pangingilin, alin na nga ba ang unang kikitil
sa atin: sakit o gutom? Saulo na ang paghuhugas-kamay
ngunit madálang nang magamit ang pinggan. Nasaan ang lunas?
Di na nagbago, di na nakaririmarim ang mga balita
para sa nasanay na sa isang taon ng lagim. Bantay-sarado
ang taas sa marami pang ibang isyu maliban sa COVID-19
na patuloy sa pagkitil at laman na lamang ng mga balita.
Hugas na hugas ang kamay ngunit may barangay na namang sarado.
Ang lunas, tanggaping ang mas papatay sa atin ay di COVID-19.